Mensahe Siyam

## Pagtatayo at Pakikipagbaka—
## ang Pangangailangang Sumagupa sa Espirituwal na Digmaan
## para sa Pagtatayo ng Ekklesia

Babasahin sa Kasulatan: Neh. 4; Efe. 1:9-23; 2:6, 21-22;
4:16, 23-24; 6:10-20

**I. Ang Nehemias kapitulo 4 ay naglalarawan ng paggambala ng kaaway hinggil sa muling pagtatayo ng lunsod:**

A. Nagalit ang mga kaaway at lubhang nainis; kanilang nilibak ang mga Hudyo at hinamak ang kanilang gawaing pagtatayo—bb. 1-3:

1. Nagalit ang mga kaaway sapagkat ang gawaing pagtatayo ay sumusulong, at sila ay nagsabwatan upang magtungo at makipaglaban sa Herusalem—bb. 7-8.
2. Si Nehemias ay nagtiwala sa Diyos sa pamamagitan ng pananalangin upang ibuwelta ang kanilang panghihiya sa kanilang mga sarili; kaya, itinayo ng mga Hudyo ang pader, sapagkat sila ay mayroong puso upang gumawa—bb. 4-6.

B. Nanalangin ang mga Hudyo sa kanilang Diyos, at sa ilalim ng tagubilin at direksyon ni Nehemias sila ay nagtalaga ng bantay laban sa kaaway araw at gabi:

1. Sila ay handa upang makipagbaka tangan ang mga sandata sa ilalim ng paghihikayat ni Nehemias na nagtugubilin sa kanilang alalahanin ang dakila at kahanga-hangang Panginoon at makipagbaka para sa kanilang mga pamilya—b. 14.
2. Kalahati sa mga lingkod ni Nehemias ay nagpagal sa gawain, at kalahati sa kanila ay tumangan ng mga sandata, handang makipagbaka—b. 16.
3. Sa isang panig, ang mga anak ni Israel ay handang makipagbaka; sa kabilang panig, sila ay nagtiwala sa Diyos, nananampalataya na makikipagbaka Siya para sa kanila—bb. 9-23.
4. Bilang ang punong kumandante, si Nehemias ay kasama ng mga handang makipaglaban sa kaaway; nakibahagi siya sa pagbabantay sa gabi at hindi pinaubaya ang mga bagay na ito sa iba kundi siya mismo ay nakibahagi—bb. 17-23.

**II. Ang pagtatayo ng ekklesia bilang ang lunsod ng Diyos ay hindi isang madaling tungkulin; ang pagtatayo ay maisasagawa lamang sa pamamagitan ng pakikipagbaka—Efe. 2:21-22; 4:16; 6:10-20:**

A. Nang bumalik ang mga anak ni Israel mula sa kanilang pagkabihag, sina Ezra, Nehemias, at iba pa ay nagbangon upang muling itayo ang templo at ang banal na lunsod sa pamamagitan ng matinding digmaan.

B. Ang mga Israelitang gumawa sa pagtatayo kasama si Nehemias ay nagpagal na ang isang kamay ay nagtatayo at tangan ng kabilang kamay ang kanilang mga sandata para makipagbaka sa digmaan (Neh. 4:17); inihahayag nito na sa tuwing nagpapagal tayo sa pagtatayo ng Diyos, tayo ay tiyak na masasangkot sa isang digmaan.

C. Hinggil sa pagtatayo ng pinananahanang lugar ng Diyos, mayroong isang tunay na tunggalian, isang matinding labanan sa pagitan ng Diyos at ng Kanyang kaaway—bb. 1-3, 7-8:

1. Galit ang kaaway na makita ang pagtatayo ng pinananahanang lugar ng Diyos na nagaganap sa mabuting paraan.
2. Gagawin ni Satanas ang lahat ng kanyang makakaya upang maggambala, makialam, sumalakay, at sumira—Mat. 16:18-19.

D. Dapat nating itayo ang ekklesia bilang ang templo at makipagbaka upang mataglay ng Diyos ang kaharian—6:10.

E. Kapag ang mga banal ay mangingibang bayan para sa pagpapalaganap ng buhay ekklesia, sila ay isang hukbong nakikipagbaka sa digmaan—cf. Gawa 8:4-12.

F. Yaong nagtatayo ng ekklesia ay dapat magkasabay na nagtatayo at nakikipagbaka—Neh. 4:14, 16-21.

G. Kung walang digmaan at wala ang espiritu ng pakikipagbaka, doon ay walang pagtatayo; ang pagtatayo ay humihiling ng nakakahapong digmaan.

**III. Para sa pagtatayo ng ekklesia bilang ang Katawan ni Kristo, may pangangailangan para sa espirituwal na digmaan—Efe. 6:10-20:**

A. Nakalulungkot, sa ekklesia ngayon halos wala sa mga mananampalataya ang nakakaalam sa ganitong espirituwal na digmaan; ito ay dahil sa kahinaan sa buhay, kakulangan sa espirituwal na kalakasan, at kakulangan na kalinawan sa liwanag ng katotohanan.

B. Ang espirituwal na digmaan ay batay sa katagumpayan ni Kristo—Heb. 2:14; Col. 2:15; 1 Juan 3:8:

1. Ang panimulang punto ng espirituwal na digmaan ay ang pagtayo sa katagumpayan ni Kristo; ito ay ang pagkakita na nagapi na ni Kristo ang kaaway—A. A. 4:8; Apoc. 3:21; 5:5-6:
   a. Ang Anak ng Diyos ay nagpakita upang wasakin ang mga gawain ng diyablo—1 Juan 3:8.
   b. Sa Kanyang pagkakatawang tao at pantaong pamumuhay ay ginapi ni Kristo si Satanas sa panahon ng pagtukso sa ilang—Mat. 4:1-11.
   c. Sa pamamagitan ng kamatayan ay winasak ng Panginoong Hesus ang diyablo, na may kapangyarihan ng kamatayan; Kanyang binuwag si Satanas, dinala siya sa kawalan—Heb. 2:14.
2. Ang gawain ng ekklesia sa lupa ay ang panatilihin ang katagumpayan ni Kristo; nagwagi ang Panginoon sa digmaan, at ang ekklesia ay narito upang panatilihin ang Kanyang katagumpayan—Efe. 6:11, 13.

C. Ang digmaan sa pagitan ng ekklesia at ni Satanas ay isang digmaan sa pagitan natin na umiibig sa Panginoon at mga nasa Kanyang ekklesia at mga masamang kapangyarihan sa mga kalangitan—b. 12:

1. Ang mga prinsipalidad, ang mga awtoridad, at ang mga sanlibutang pinuno ng kadiliman ay ang mga rebeldeng anghel na sumunod kay Satanas sa kanyang paghihimagsik laban sa Diyos at ngayon ay namumuno sa mga kalangitan sa ibabaw ng mga bansa ng sanlibutan—Col. 1:13; Dan. 10:20.
2. Kailangan nating matanto na ang ating digmaan ay hindi laban sa mga tao bagkus laban sa mga masamang espiritu, ang mga masamang kapangyarihan, sa mga kalangitan.

D. Ang espirituwal na digmaan ay isang bagay ng Katawan ni Kristo; dapat tayong makipagbaka sa digmaan sa loob ng Katawan—Efe. 1:22-23:

1. Ang espirituwal na digmaan ay hindi isang indibiduwal na bagay; ito ay isang bagay ng Katawan—4:12, 16; 5:30.
2. Ang ekklesia ay isang sama-samang mandirigma, at ang mga mananampalataya ay sama-samang bumubuo ng sama-samang mandirigmang ito—6:10-20.
3. Kung babasahin natin ang Efeso mula kapitulo 1 hanggang kapitulo 6, makikita natin na ang digmaang iyon ay isang bagay ng Katawan ni Kristo, at ang Katawan ay isang bagong paglikha sa loob ni Kristo, sa loob ng Espiritu, at sa mga kalangitan—2:6:
   a. Kung hindi natin taglay ang buhay Katawan, hindi tayo sapat upang sumabak sa espirituwal na digmaan.

    b. Upang makipagbaka sa digmaan, dapat tayong nasa realidad ng Katawan—4:12, 16.
4. Pagkatapos nating sama-samang mabuo tungo sa isang hukbo, maaaari tayong makipagbaka laban sa kaaway ng Diyos—6:11-12.

E. Upang tuusin ang kaaway ng Diyos, kailangan nating mapalakas ng kadakilaan ng kapangyarihan na nagbangon kay Kristo mula sa mga patay at iniluklok kasama Niya sa mga kalangitan, sa ibabaw ng lahat ng mga masamang espiritung nasa himpapawid—b. 10; 1:19-22:
1. Ang katotohanan na kailangan nating mapalakas sa loob ng Panginoon ay nagpapahiwatig na sa ating mga sarili ay hindi tayo maaaring makipagbaka sa espirituwal na digmaan laban kay Satanas at sa kanyang masamang kaharian; maaari tayong makipagbaka sa loob lamang ng Panginoon at sa kapangyarihan ng Kanyang kalakasan—6:10.
2. Ang pag-aatas na mapalakas ay nagpapahiwatig na kailangan nating ensayuhin ang ating pagpapasya; kung nais nating mapalakas para sa espirituwal na digmaan, ang ating pagpapasya ay dapat maging malakas at ensayado—A. A. 4:4.

F. Kailangan nating malaman at iaplay ang mga prinsipyo ng espirituwal na digmaan:
1. Ang unang prinsipyo ng espirituwal na digmaan ay yaong hindi natin maaaring gamitin ang mga makalamang sandata, mga pantaong pakana, at mga natural na pamamaraan; yamang ang espirituwal na digmaan ay hindi laban sa laman kundi laban sa mga espirituwal na puwersa (Efe. 6:12), ang mga sandata ay hindi dapat makalaman (2 Cor. 10:3-5).
2. Ang ikalawang prinsipyo ng espirituwal na digmaan ay ang panatilihin ang posisyon ng pag-akyat sa kalangitan—Efe. 2:6:
    a. Sa pakikipagbaka sa isang digmaan, ang posisyon sa ibabaw ng kaaway ay madiskarte.
    b. Si Satanas at ang kanyang mga espirituwal na puwersa ay nasa himpapawid, subalit tayo ay nakaluklok sa ikatlong langit sa ibabaw ng mga ito—b. 6.
    c. Si Satanas at ang kanyang mga na puwersa ay nasa ilalim natin, at ang kahihinatnan nila ay ang magapi natin.
3. Ang ikatlong prinsipyo ng espirituwal na digmaan ay yaong dapat nating gamitin ang mga espirituwal na sandata—2 Cor. 10:3-5:
    a. Ang mga espirituwal na sandata ay makapangyarihan upang gibain ang mga kuta ng kaaway—bb. 4-5.
    b. Kapag tayo ay nakikipagbaka, lahat ng mga aktibidad ay dapat maging sa espiritu, hinihipo ang damdamin mula sa loob ng ating espiritu; ito ay lubhang napakabasikong prinsipyo.
4. Ang ikaapat na prinsipyo ng espirituwal na digmaan ay ang magkaroon ng mga nakikipagbakang panalangin—ang mga panalangin ng espirituwal na digmaan—Mat. 6:9-10, 13:
    a. Kailanman at saan man may pagtatayo ang ekklesia, mayroong aktibidad ang mga pintuan ng Hades laban dito; samakatuwid, may pangangailangan para sa mga nakikipagbakang panalangin—16:18-19.
    b. Kung makikita natin na ang mga pinakamahalagang panalangin ay mga panalangin sa pag-akyat sa kalangitan, sa gayon ay mauunawaan natin na ang panalanging iyon ay isang digmaan, at tayo ay magsasaad ng mga panalangin ng digmaan; gayon ang kalikasan ng panalanging sinalita sa Efeso 6:
        (1) Lahat ng mga panalanging naihahayag sa makalangit na kinasasaklawan at mula sa trono ng Diyos ay mga panalangin ng digmaan—Apoc. 5:8; 8:3-5.

(2) Kung tayo ay nasa makalangit na kinasasaklawan, makakapanalangin tayo ng mga panalangin ng pag-akyat sa kalangitan, mga panalangin ng digmaan—Efe. 2:6; 6:18.

c. Kapag tayo ay napapalakas, tayo ay napapabago; kapag tayo ay napapabago, tayo ay napupunuan; kapag tayo ay napupunuan, tayo ay nasasangkapan upang makipagbaka; ito ay sa loob ng nakikipagbakang espiritu na tayo ay nananalangin ng mga nakikipagbakang panalangin ng espirituwal na digmaan—3:14-16; 4:23-24; 5:18b; 6:18.

d. Kailangan nating tumayo laban sa mga pakana ng diyablo sa pamamagitan ng pakikipagbaka sa digmaan sa loob ng Katawan kalakip ang mga nakikipagbakang panalangin, nananalangin sa lahat ng panahon sa espiritu upang isuot ang buong kutamaya ng Diyos upang itayo ang Katawan ni Kristo bilang ang bahay ng Diyos para sa kaluwalhatian ng Diyos at bilang ang kaharian ng Diyos para sa pamamahala ng Diyos para sa kumpletong katuparan ng ekonomiya ng Diyos—bb. 10-20.

*© 2022 Living Stream Ministry*